

Paano kung hindi ko makausap ang mga ahente ng imigrasyon dahil sa hadlang sa Wika at/o Kapansanan?

Igiit ang iyong karapatang manahimik sa pamamagitan ng paggamit ng pulang card o iba pang card tungkol sa iyong mga karapatan. Tandaan na anumang sabihin mo ay maaaring gamitin laban sa iyo. Palaging sikaping manatiling kalmado. Huwag tumakas o mag-panic. Maaari kang gumamit ng pulang card o iba pang card tungkol sa iyong mga karapatan upang igiit ang iyong mga karapatan habang hindi nagsasalita.

Para mag-print ng card, bisitahin ang link na ito: ilrc.me/protect. Ganito ang hitsura nila:

Mayroon kang mga karapatan sa konstitusyon: • HUWAG BUKSAN ANG PINTO kung may ahente ng imigrasyon na kumakatok. • HUWAG SAGUTIN ANG ANUMANG MGA TANONG mula sa isang ahente ng imigrasyon kung sinusubukan nilang makipag-usap sa iyo. May karapatan kang manahimik. • HUWAG PUMIRMA NG KAHIT ANO nang hindi muna nakikipag-usap sa isang abogado. Mayroon kang karapatan na makipag-usap sa isang abogado. • Kung ikaw ay nasa labas ng iyong bahay, tanungin ang ahente kung ikaw ay maari ng umalis at kung sabihin nila na pwede, umalis ka nang kalmado. • IPAKITA ANG CARD NA ITO SA AHENTE. Kung nasa loob ka ng iyong bahay, ipakita ang card sa bintana o ilusot sa ilalim ng pinto.	I do not wish to speak with you, answer your questions, or sign or hand you any documents based on my 5th Amendment rights under the United States Constitution. I do not give you permission to enter my home based on my 4th Amendment rights under the United States Constitution unless you have a warrant to enter, signed by a judge or magistrate with my name on it that you slide under the door. I do not give you permission to search any of my belongings based on my 4th Amendment rights. I choose to exercise my constitutional rights. <i>These cards are available to citizens and noncitizens alike.</i>
---	--

Narito ang ilang halimbawa ng mga pakikipag-ugnayan na maaaring mayroon ka sa mga ahente ng imigrasyon:

Sa publiko Maaaring lapitan ka ng mga ahente ng imigrasyon at tanungin ang iyong katayuan sa imigrasyon.	Sa trabaho Maaaring pumunta ang mga ahente ng imigrasyon sa iyong lugar ng trabaho.	Sa bahay Maaaring gusto ng mga ahente ng imigrasyon na pumasok sa iyong bahay upang arestuhin ka o halughugin ang iyong bahay.
--	---	--

Igiit ang iyong karapatang manahimik, anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon. Pero, kung magpasya kang "basagin ang katahimikan" sa pamamagitan ng pagsagot/pagtatanong, maaari mong piliing gawin ang alinman sa mga sumusunod:

- Humingi ng interpreter o akomodasyon.
- Humingi ng abogado.
- Sa publiko, itanong ang "Malaya ba akong umalis?"
- Sa bahay, sabihan mo silang umalis.
- Magpakita ng patunay ng legal na katayuan.

- Igiit muli ang karapatang manahimik - maaari mo itong gawin anumang oras.

Kung ikaw ay nakulong

May karapatan ka sa impormasyon at komunikasyon sa wikang at pormat na naiintindihan mo:

- Humingi ng interpreter (pasalita o wikang senyas).
- Humingi ng mga isinaling dokumento.
- Humingi ng makatwirang akomodasyon para sa mga may kapansanan.
- Sa hukuman, dapat kang bigyan ng interpreter at/o makatwirang akomodasyon.
- Sa bawat yugto, kung hindi mo maintindihan ang interpreter at/o mga dokumento, gawin ang iyong makakaya upang ipaliwanag na hindi mo maintindihan.

Huwag sumang-ayon o pumirma sa anumang bagay na hindi mo maintindihan.

Posible na ang mga awtoridad ng imigrasyon ay hindi magbigay ng interpreter, mga isinaling dokumento, o mga makatwirang akomodasyon kapag hiniling mo ang mga ito. Ang paggawa ng ganitong uri ng mga kahilingan, kahit na hindi mo ito matanggap, ay maaaring makatulong sa iyong kaso sa kalaunan upang makalabas sa detensyon at/o labanan ang deportasyon.

Mga Mapagkukunan

- **Mga Hotline para sa Rapid Response:** Bisitahin ang link na ito <https://www.ccijustice.org/carrn> para mahanap ang iyong lokal na rapid response network at iulat ang mga tauhan ng imigrasyon sa iyong lugar.
- **Mga Sentro ng Rehiyonal na Network para sa mga Pamilyang Imigrante:** Bisitahin ang link na ito <https://www.ilrc.org/regional-network-hubs> para mahanap ang iyong rehiyonal na sentro at maging konektado sa mga tagapagbigay ng serbisyong legal, edukasyon, at impormasyon.
- Para sa mas malalimang legal na mapagkukunan para sa mga imigranteng may kapansanan, tingnan ang “Know Your Rights: Reasonable Accommodations in Immigration Procedures and Proceedings” ng Disability Rights Education and Defense Fund sa <https://dredf.org/kyr-ras-immigration-procedures-and-proceedings/> at ang “Frequently Asked Questions: Disability, Immigration, and

Encounters with ICE” sa <https://dredf.org/faqs-disability-immigration-and-encounters-with-ice/>.

Ang mga gabay na ito—na maaaring i-download—ay binuo ng Immigrant Legal Resource Center (ILRC), California Rural Legal Assistance Inc. (CRLA), Legal Aid Foundation of Los Angeles (LAFLA), Chinese for Affirmative Action (CAA), at Asian Resources Inc. (ARI). Isinalin ang mga gabay na ito upang isulong ang adbokasiya ng ating magkakaibang komunidad ng mga imigrante para sa pagkakapantay-pantay pagdating sa wika at kapansanan kapag nakaharap sa mga awtoridad na nagpapatupad ng batas sa imigrasyon.

Huling na-update noong 4/7/2026